

Mga Protocol Para sa Mga Tennis Center at mga Pickleball Courts: Appendix E

Mga Huling Pagbabago:

- **3/31/21** - Simula pa noong Marso 31, 2021, ang Los Angeles County, kasama ang Long Beach, ay mailalagay sa Orange Tier sa ilalim ng Blueprint ng Estado para sa Ligtas na Ekonomiya. Walang pagbabago sa Protocol na ito bilang resulta ng pagpalit ng Tier.
- **3/10/21** - Pinapayagan ang mga leksyong pang grupo na hindi lalagpas sa dalawa ang kasaling tagaturo o coach sa bawat 14 na estudyante.
- Mga grupo o organisadong mga laro ay hindi lalagpas sa 4 sa bawat laro ay papayagan maliban lamang kung dadami ang mga nanood sa laro na ginaganap sa pasilidad sa isang panahon. Mga grupo o mga organisadong mga laro ay idapat i-skedyul nang ang pagitan ng mga laro ay hindi baba sa 10 minuto. Mga pre-pay at rehistrasyong elektronikong ay matinding hinihikayat. Mga electronic na scorecard, impormasyon at mga rule sheets ay matinding hinihikayat. Kung saan may mga papel na scorecards na ginagamit, isang miyembro ng grup ang dapat taga-score para sa lahat ng manlalaro para maiwasan ang kontakto ng mga manlalaro. Mga display ng vendor sa sityo ay dapat sumunod sa Retail In-Person Protocol at dapat may distansya na 6 talampakan sa pagitan ng mga vendor displays.
- Mga tournament o paligsahan na may mga higit na dalawang pangkat ay ipinagbabawal. Isang kompetisyon, bawat pangkat, sa isang araw ang maximum ang maaaring isalaro maliban na lamang kung sabihin dito na ito ay ipinagbabawal. Ang isang "team" o pangkat ay isang grupo ng mga manlalaro na na sa isang panig na isang kompetisyong isports. Ang isang "team" ay hindi nagsasali ng ilang grup o antas mula sa parehong liga o insititution (hal. Freshman, Junior Varsity, at mga Varsity teams mula sa parehong paaralan o liga ay tinuturing na ibang pangkat).
- Isang kompetisyon lamang, bawat pangkat (o indibidwal para sa isang laro), sa bawat ara ang maximum na pwedeng ilaro.
- Mga practice putting at mga chipping greens ay maaaring magbukas muli.

Ang protocol na ito ay kokompletuhin ng mga tennis centers at mga pickleball courts. Ang mga tagubilin sa ibaba ay naaangkop sa lahat ng tennis centers at pickleball courts. Karagdagan pa sa mga kondisyon na ipinataw ng State Health Officer para sa mga operators ng mga panlabas na libangan at mga sa Adult at Youth Recreational Sports, na maaaring makita sa <https://covid19.ca.gov/industry-guidance/>, ang mga tennis centers ay dapat sumunod sa mga kondisyon na inilatag ng protocol na ito. Ang protocol ia dapat ma-implementa at ipaskil bago magsimula ang operasyon.

Paki tala: Itong dokumentong ito ay ito ay maaaring mabago sa paglabas ng mga karagdagang impormasyon at resources kaya seguradohing palaging subaybayan ang Long Beach COVID-19 website sa www.longbeach.gov/covid19 para sa anumang pagbabago sa dokumentong ito.

Mga operasyon ng retail ay dapat sumunod sa mga Protocol ng Personal na Pamimili (Shopping) sa Retail: (Appendix B).

**PARA I-REPORT ANG PAGLABAG
TUMAWAG SA: (562) 570-2633 O
EMAIL: CETASKFORCE@LONGBEACH.GOV**

Mga restawran, serbisyo ng pagkain, mga serbisyo ng pagkain at mga concession ng pagakain ay dapat sumunod sa mga Protocol ng Restawran. (Appendix H)

Mga sports na pang adulto at pambata ay dapat sumunod sa State Protocols para Youth and Adult Recreational Sports na makikita sa <https://www.cdph.ca.gov/Programs/CID/DCDC/Pages/COVID-19/small-groups-child-youth.aspx>.

Sakop ng checklist na ito ang mga:

- (1) Mga patakaran at pagsasagawa sa lugar ng trabaho para maprotektahan ang kalusugan ng empleyado
- (2) Mga hakbang para masegurado sa physical distancing
- (3) Mga hakbang para masegurado ang pagkontrola ng impeksyon
- (4) Komunikasyon sa mga empleyado at sa publiko
- (5) Mga hakbang para masegurado ang pantay-pantay ng pag-access sa mga serbisyong kritikal

Lahat ng mga Tennis Center at mga Pickleball Courts ay dapat magimplementa ng lahat ng naangkop na mga hakbang na nakalista sa ibaba at maging handa sa pagapaliwanag kung bakit ang hakbang na hindi naimplementa ay di naangkop.

Pangalan ng Pasilidad: _____

Direksyon ng Pasilidad: _____

A. PAG-CHECK-IN NG MANLALARO, LARO NG TENNIS AT PALIGID NG CLUBHOUSE – MGA RESTRIKSYON

- Ang bilang ng mga tao sa anumang panloob na pasilidad ay sapat na kaunti nang masegurado ang physical distancing ngunit sa anumang kaso na hindi hihigit sa 20% ng maximum na kakayahan ng panloob na pasilidad.
Maximum na bilang ng mga tao sa pasilidad ay limitado sa: _____
- Ang clubhouse ay mananatiling sarado sa publiko.
- Mga karatula ng mga instruksyon at impormasyon tungkol sa control ng impeksyon at physical distancing, paggamait ng pantakip sa mukha ay nakapaskil sa buong facility.
- Ipaalam ng maaga sa mga kostomer lahat ng mga protocol ng kaligtasan.
- Ang mga kostomer ay may tagubilin na magsuot ng takip sa mukha sa lahat ng oras kapag nasa sityo. Telang takip sa mukha ay hindi dapat ipasuot sa mga bata na mas bata pa sa 2 taon, sinumang may kondisyong medikal, kondisyon ng kalusugang mental, o kapansanan na makakapagpigil sa kanila na magsuot ng takip sa mukha, o kung sino man na hindi kayang tangalin ang kanilang mask ng walang tulong.

**PARA I-REPORT ANG PAGLABAG
TUMAWAG SA : (562) 570-2633 O
EMAIL: CETASKFORCE@LONGBEACH.GOV**

- Lahat ng empleyado at mga kostomer ay kailangang magsuot ng telang pantakip sa mukha sa lahat ng panahon kapag lalapitan.
- Walang bisita or ahente na pinapayagan sa loob ng clubhouse o lugar ng pro-shop. Kasama dito ang mga distributors at ahente ng manufacturer. Mga miting ay gagawin sa telepono o sa paraang birtwal.
- Ang pagbayad ay gagawin sa mula sa isang starter window na nakaharap sa labas o sa isang check-in na mesa sa loob na pasilidad. o sa isang mesang pang check-in sa labas ng pasilidad. Anim na talampakan (6 ft) ng physical distancing ang nakamarka para ipaalam sa mga kostomer kung saan sila maghihintay para magbayad.
- Kinakailangan ng reserbasyon para mahikayat ang mga players na magbayad muna gamit ang debit/credit card sa oras ng reserbasyon
- Bayad sa tennis center ay sa pamamagitan gift card, debit o credit card lamang.
- Mga marka o palatandaan ay nailagay para makalikha ng anim na talampakan na pagitan sa paligid kung nagsisimula mag tennis para mabawasan ang kontakto ng empleyado at publiko.
- May hand sanitizer, sabon at tubig, o epektibong disinfectant/wipes para sa mga players malapit sa bawat pasukan ng pasilidad, sa mga kart ng inumin at estasyon ng pagkain/pasilidad at mga banyo. At sa iba pang punto ng kontakto.
- Ang mga reserbasyon ay di kukulang ng 10 minuto ang pagitan. Hinihikayat ang mga manlalaro na dumating sa pasilidad ng di hihigit ng sampung minute bago sa takdang oras ng laro.
- Ang laro ay limitado sa hanggang apat na manalalaro na di kailangang galing sa isang tahanan. Ang bawat grupo ay dapat asegurado (hal. hindi pwedeng magpalit papasok o palabas ng grupo).
- Ang bawat equipment na pinarenta ay kailangang punasan gamit ang mabisang disinfectant laban sa COVID-19.
- Inatasan ang bawat empleyado na idisinfect ang pinarentang equipment sa bawat pagpaparenta.
- Mga counters at mga bintana ng serbisyo ay laging sinasanitize gamit ang mabisang disinfectant laban sa COVID-19.
- Lahat ng gates ng korte at hawakan ng hagdanan ay binalutan ng tape para maiwasan ang paghawak, kung hindi, kailangang punasan oras-oras.
- Lahat ng gates ay nilagyan ng lubid o iniwang bukas para di mahawakan, kung maari. Kung ang facility ay may malawak na pasukan sa tagiliran, ito ang nirerekomendang gamitin.
- Alternatibong mga korte ay reserbado para sa laro kung walang harang, gaya ng bakod sa pagitan ng korte
- Lahat ng score tenders ay inalis sa korte para maiwasan ang paghawak.
- Mga basurahan ay “touchless”. Ang mga takip ay tinaggal kung maryoon man.
- Lahat ng banyo ay nililinis at dinidisinfect palagi. Mga pintuan ay bukas kung posible para mabawasan ang paghawak ng hawakan ng pinto o mga ibabaw.
- Ang pagbenta sa Pro shop ay dapat sumunod sa Protocol ng Physical Distancing para sa Retail. Mga pinto ay nakabukas kung saan man posible.
- Mga players ay kinakailangang umalis agad ng property pagnakompleto na ang laro. Walang kumpol kumpulan o buntotan sa parking lot.

**PARA I-REPORT ANG PAGLABAG
TUMAWAG SA : (562) 570-2633 O
EMAIL: CETASKFORCE@LONGBEACH.GOV**

- Ang mga manlalaro ay dapat manatili sa kanilang korte para maiwasan ang pagpalit sa katapusan.
- Pag check ang sintomas ay gagawin bago pumasok ang mga bisita sa pasilidad. Kasama sap ag-check ang ubo, maikling paghinga, hirap huminga, lagnat o panginginig at kung ang indibidwal ay kasalukuyang na sa ilalim ng isolation o pinag-quarantine. Itong mga pag-check na ito ay maaaring gawin sa personal o sa ibang paraan tulad ng pag-check in sa online o sa mga karatula na nakapaskil sa mga pasukan na nagsasabi sa mga bisita na kung may huwag pumasok kung may sintomas.
- Pinaalalahanan ang mga empleyado na sundin ang mga aksyon ng personal na prebensyon kasama ang:
 - Manatili as bahay kung may sakit. Sa bahay lamang sa loob ng tatlong araw (72 oras) pagkatapos gumaling, ibig sabihin ang iyong lagnat ay gumaling na hindi gumamit ng gamot na pampababa ng lagnat at bumuti ang sinotmas pang respiratoryo (e.g. ubo, paghingal), AT hindi kukulang sa sampung araw na lumipas simula ng unang lumabas ang sintomas.
 - Dalasan ang paghugas ng kamay gamit ang sabon at tubig ng hindi kukulang sa 20 segundo. Kung walang sabon at tubig, gumamit ng sanitizer na gawa sa alkohol na may hindi kukulang sa 60% alkohol. Hugasan ang mga kamay bago kumain, pagkatapos gumamit ng banyo at pagkatapos umubo at bumahing.
 - Takpan ang inyong pagubo at pagbahing ng tisyu at pagkatapos itapon ang tisyu at agad hugasan ang mga kamay. Kung walang tisyu, gamitin ang siko (huwag ang mga kamay)
 - Huwag hawakan ang bibig, mata, ilong ng di hinugasang mga kamay.
 - Iwasan ang paglapit sa mga taong may sakit.
 - Iwasan ang pagpapagamit ng telepono o iba pang mga devices. Kung ang mga devices ay kailangang ipahiram, seguraduhing punasan ng disinfectant wipe bago at pagkatapos ipahiram.
 - Palaging obserbahan ang inyong distansya sa kapwa katrabaho. Palaging panatiliin ang rekomendadong 6 feet na separasyon sa iba pwera na lamang kung may partikolar na trabaho na kinakailangang lumapit at magsuot ng pantakip sa mukha pag nagtatrabaho malapit o kasama ng iba.
 - Idisinfect ang mga madalas na hinahawakan na mga bagay at mga ibabaw tulad ng workstations, keyboards, telepono, hawakan, makina, device na hiranman at mga doorknob. Ito kailangang gawin sa lahat ng oras ng trabaho.
 - Hikayatin ang mga empleyado na imbes na makipagkamayan, magsagawa ng mga pambati na walang hawakan sa mga kostomer at mga miyembro.
- Aalisin ang time clock o aatasan ng management/isang indibidwal na responsable sa pag punch in/out ng empleyado.
- Kopya ng protocol na ito ay naipamahagi sa lahat ng empleyado.

B. COACHING

- Pribadong leksyon ay pinapayagan gamit ang tamang teknik ng physical distancing na anim na talampakan o mahigit pa sapagita ng indibidwal. Mga leksyon ng grupo ay limitado sa hindi sosobra sa 2 coach/instructor sa bawat 4 na estudyante.
- Mga nagtuturong propesyonal ay nasa kanilang partikolar na korte sa partikolar na oras at araw, kung maaari.
- Mga basket lamang, mga ball dispensing machine, at ball mowers ang pinapayagan sa korte.

**PARA I-REPORT ANG PAGLABAG
TUMAWAG SA : (562) 570-2633 O
EMAIL: CETASKFORCE@LONGBEACH.GOV**

- Ang mga manlalaro ay hinihikayat na gamitin ang racquet/paa para itulak ang bola at/o tirahin papunta sa instruktur para maiwasan ang paggamit ng kamay at paghawak ng bola.
- Ang mga manlalaro ay hindi hahawak ng kahit anong coaching equipment.
- Ang mga bola ay para lamang sa bawat estudyante. Ang mga bola ay maaring ibigay ng pro o ng estudyante. Paggamit ang parehong set ng mga bola ng maraming estudyante ay pinagbabawal.
- Ang mga pros ay gagamit ng kanilang hindi dominanteng kamay.

C. MGA BOLA NG TENNIS

- Ang mga manlalaro ay dapat magdala na kanilang sariling bola at markahan ng malaman kung alin ang kanilang dala.

D. MGA EQUIPMENT NG TENNIS

- Ang hiramang ng tennis equipment ay pinagbabawal
- Mga dispensing machine ng bola, basket ng bola at mowers ng bola ay sinasanitize sa bawat paggamit. Paggamit ng tubo ng bola at basket para pulutin ang lalag na bola pagkatapos gamitin ang makina ng bola ay naglilimita ng kontak at ito ay hinihikayat.
- Iwasan ang paggamit ng equipment na di kailangan, tulad ng throw-down lines.

E. MGA PALIGSAHAN AT LARONG PANG GRUPO

- Mga laro ay limitado sa apat na manlalaro na di nangangahulugan na galins a issang kabahayan. Ang bawat grupo ay dapat “stable” (ang ibig sabahin mga permanenteng mga magkakasama at walang palitan mula sa ibang grupo).
- Maaaring isagawa ang mga grupo o organisadong mga laro na hindi hihigit sa 4 na manlalaro sa bawat pangkat basta ito ay hindi makakapagpadami ng mga taong nasa pasilidad sa isang panahon. Mga grupo o mga organisadong laro ay dapa i-skedyul nang ang mga indibidwal o ang apat na magkakasama para sa tee time ay may pagitan na na hindi kukulang sa 10 minuto. Matinding hinihikayat ang mga pre-pay at rehistrasyong elektroniko para sa organisadong mga laro. Ang mge electronic scorecards, impormasyon, at mga rule sheets ay matininding hinihikayat. Kapag ginagamit ang scorecard na papel, isang miyembro lamang ang dapat taga-score nang maiwasan ang mga di kailangan na kontakto ng mga manlalaro. Mga display ng vendor sa sityo ay dapat sumunod sa Retail In-Person Protocol at dapat may distansya na 6 talampakan sa pagitan ng mga vendor displays.
- Mga tournament o paligsahan na mayroong mahigit sa dalawang pangkat ay ipinapagbabawal. Ang isang pangkat o “team” ay nangangahulugan sa isang grupo ng manlalaro na bumabahagi sa isang panig sa isang pagligsahan na laro. Ang isang “team” ay hindi nagsasali ng ilang grup o antas mula sa parehong liga o insititution (hal. Freshman, Junior Varsity, at mga Varsity teams mula sa parehong paaralan o liga ay tinuturing na ibang pangkat).
- Isang kompetisyon lamang para sa bawat team, (o mga indibidwal para sa isahang laro lamang), ang maximum sa bawat isang araw. (hal. walang mga round robins or maramihang mga laro sa parehong araw).

F. MGA PROTOCOL NG MGA EMPLEYADO

- Lahat ng maaring tupadin ang kanilang mga katungkulan mula sa bahay ay naatasan na na gawain ito.
- Mga bulnarableng staff (mga higit sa 65 ang idad, mga taong may mga kondisyong pangkalusugan

**PARA I-REPORT ANG PAGLABAG
TUMAWAG SA : (562) 570-2633 O
EMAIL: CETASKFORCE@LONGBEACH.GOV**

a pabalik balik) ay naatasan ng trabaho na maaari nilang gawin mula sa bahay kung posilble.

- Pinagsabihan ang empleyado na huwag pumasok kapag may sakit. May mga patakaran hinggil sa bakasyon na pinag-aralan at binago nang hindi maparusahan ang empleyado kung mananatili sa bahay gawa ng sakit.
- Mga trabahador ay binigyan ng impormasyon tungkol sa mga isnisponsor na benepisyong bakasyon mula sa gobyerno o employer na nakalaan sa kanilang mga maging madali para sa kanila na kumite habang sila ay nasa bahay. Tignan ang karagdagang impormasyon sa ma programa ng gobyerno sa sumosuporta sa mga sick leave at mga worker's compensation para sa COVID-19, kasama na ang karapatan ng empleyado para sa sick leave sa ilalim ng Families First Coronavirus Response Act at ng mga karapatan ng empleyado para sa benepisyong worker's compensation at ang pagpapalagay ng ma kaugnay sa trabaho na exposure mula sa COVID-19 na nangyari simula Marso 19 hanggang Hulyo 5 alinsunod sa Governor's Executive Order N-62-20.
- Mga pamamaraan ng trabaho ay isinaayos sa pinakaposibleng paraan para mapadami ang pagkakataon ng mga empleyado na makapagtrabaho mula sa bahay.
- Kapag napag-alaman na isa o mahigit pa na mga empleyado ay nag positive o may mga sintomas na tulad ng COVID-19 (kaso), ang employer ay mya plano or protocol na isinalugar para makapag-isolate ang kaso sa kanilang bahay at mangailangan ng madaliang pagself-quarantine ng mga empleyado na nagkaroon ng exposure sa may kaso. Ang plano ng employer ay dapat isipin ang protocol para sa lahat mga naka-quarantine na empleyado na magkaroon ng access o ma-test para sa COVID-19 nang ma-determina kung may mga karagdagang mga exposure na baka mangailangan ng karagdagang hakbang sa pagkontrola ng COVID-19.
- Mga screenings ng mga empleyado ay gagawin bago pumasok ang mga empleyado sa trabahuhan. Kasama sa pagcheck in ang pagtingin kung may ubo, maikling paghinga, hirap huminga lagnat at chills o pangininginig at kung am empleyado ay may nalapitan na kilalang nahawa ng COVID-19 sa loob ng huling 14 na araw. Ang mga pagcheck ay maaring gawin malayo sa lugar o sa personal sa pagdating ng mga empleyado. Ang pagcheck ng temeperature ay maaari din gawin sa lugar ng trabaho kung ito ay magagawa.
- Kung sasasakaling 3 o mahigit pa ang natukoy sa loob ng trabahuhan sa bilang na 14 na araw, dapat ireport ng employer ang kumpol na ito sa Long Beach Department of Health and Human Services sa 562-570-INFO.
- Mga empleyado na may kontak sa iba ay aalukin ng libre at angkop na pantakip sa mukha na sakop ang ilong at bibig. Ang takip ay suot ng empleyado sa lahat ng oras habang na sa trabaho maliban kung nagtrabaho sa sasakyan, opisina o mag-isa sa isang kwarto. Mg empleyado na may instruksyon galing sa kanilang medical provider na silay ay hindi dapat magsuot ng takipsa mukha ay dapat magsuot ng face shield
- na may drape sa dulo, para ito ay sumusunod sa mga direktibo ng Estado, habang ito ay pinapayagan ng kanilang kondisyon. Ang drape na hapit sa ilalim ng baba ay ang nirerekomenda. Mga maskara na may one-way valve ay di dapat gamitin.
- Mga kostomer, vendor at subcontractor o iba pang tao na hindi empleyado ay tinatagubilin na magsuot ng takip sa mukha sa lahat ng oras habang na sa sityo. Telang takip sa mukha ay did dapat ipasuot sa mga bata may edad na 2 o mas bata pa, sa sinumang may kondisyong medikal, kondisyon ng kalusugang mental, o kapansanan na nakapagpipigil sa kanila na magsuot ng takip sa mukha, o sa anumang paraan na tanggalin ang maskara o telang takip sa mukha na walang tulong.
- Lahat ng mga empleyado ay sinabahan na huwag pumasok pag may sakit.
- Pag-check ng sintomas ay isinasagawa bago pumasok ang mge empleyado sa lugar ng trabaho. Lahat ng mga mesa o mga sariling stasyon ng trabaho ay pinaghihiwalay ng di kukulang sa anim (6) na talampakan.

**PARA I-REPORT ANG PAGLABAG
TUMAWAG SA : (562) 570-2633 O
EMAIL: CETASKFORCE@LONGBEACH.GOV**

- Ang pisikal na espasyo sa pagitan ng empleyado at kostomer ay dinagdagan (hal. drive through, partiyon, plexiglass sa punto ng bayaran)
- Kung saan posible, mga empleyadong maaaring gawin ang kanilang trabaho mula sa bahay ay na direktahan na.
- Flexible na mga miting (hal. teleconferencing o video conferencing).
- Flexible na mga opsyon ng pagbiyahe (hal. ipagpaliban ang mga di mahahalagang mga miting o mga kaganapan).
- Flexible na oras ng trabaho (hal. hindi sabaysabay na mga shift).
- Mga paghatid ng serbisyo ng malayo (hal. telepono, video o web).
- Mga break room, banyo at iba pang karaniwang lugar ay palaging dinidisinfect at may stock ng mga kailangan mga supply ng panlinis. Sa sumusunod na iskedyul:
 - Break rooms:
 - Banyo:
 - Iba:
- Disinfectant laban sa COVID-19 at iba pang mga supply ay nakalaan para sa mga empleyado sa mga sumusunod mga lokasyon:
- Hand sanitizer na mabisa laban sa COVID-19 ay nakalaan sa mga empleyado sa mga sumusunod na mga lokasyon:
- May sabon at tubig para sa lahat ng mga empleyado sa mga sumusunod na mga lokasyon:
- Ang mga empleyado ay kinakailangan at binibigyan ng sapat na oras para maghugas ng kamay bawat 30 minutos, o kung kailan kailangan kung may binigyan ng gwantes. Kung ang paghugas ng kamay ay di magawa, hand sanitizer na may 60% na alcohol ay nakalaan para sa mga empleyado.
- Kopya ng Protokol na ito ay naipamahagi sa lahat ng mga empleyado.
- Opysonal – Isalarawan ang mga hakbang:
- Dapat seguraduhin ng mga employer ang pagpanatili ang mga empleyado ng 6 talampakan na distansya mula sa iba kung kailan man posible. Kung saan ang mga tungkulin ay nangangailangan ng interaksyon, mga employer ay dapat mag-alok ng pangalawang pang harang (face shields o safety goggles) para gamitin ng mga trabahador na gustong gumamit ng isa at payagan ang mga empleyado na gamitin ang kanilang sarili kung gusto nila.
- Hindi sabay sabay ang mga pagsimula ng shift ng staff at mga hati na shifts ay isinalugar ng malimita ang bilang ng staff sa sityo, sa mga miting, at lunch breaks at mga oras ng pag-alis. Walang pinapayagang mga kumpulan sa mga grupo.
- Mga miting ng staff ay gagawin sa mga bukas na espasyo tulad ng mga parking lot o mga malawak na storage bays para mapanatili ang physical distancing.
- Walang mga bisita o mga sales representative na pinapayagan sa loob ng pasilidad. Kasama na dito ang mga taga-labas na distributor at mga representative ng mga manufacturer. Mga miting ay isasagawa sa telepono, zoom o iba pang mga paraang birtwal.

**PARA I-REPORT ANG PAGLABAG
TUMAWAG SA : (562) 570-2633 O
EMAIL: CETASKFORCE@LONGBEACH.GOV**

- Hininto ang paggamit ng mga time clocks, kung posible.
- Mga empleyado ay tinagubilin at pinayagan ng sapat na oras para magakaphugas at mag-sanitize ng kada 30 minutos o kung kailang kailangan kung binigyan ng gwantes. Mga locker rooms ay tinanggalan ng mga gamit. Karagdagang uniporme, gear at iba pang mga gamit ay ilagay sa persona na sasakyan sa sityo. Walang mga personal na gamit na itatabi sa sityo.
- Paggamit ng mga bagay sa breakroom na madalas gamitin (coffee pot, vending machine, refrigerator, at microwave) ay sinuspende. Mga personal na cooler ay hinihikayat para sa mga pagkain/inumin at dapat itabo sa mga personal na sasakyan.
- Pangalang lugar ng break at lunch ay iniligay kung posible ng mapayagan ang lubos na physical distancing.
- Ang management ay nagplano ng mga gabay sa paglilinis ng pasilidad tatlong beses araw araw; (Sa umga, pagkatapos dumating ang mga staff, at pag-alis ng mga team sa pasilidad, pagkatapos ng oras ng pananghalian o lunch, at tapos ng shift kapag nakaalis na ang lahat at tugunan ang mga hinahawakang mga punto (doorknob, restroom, mesa, upuan, lavabo, computer/keyboards at iba pa). Mga madalas hipuing lugar ay nangangailangan ng mas madalas pang paglilinis.

G. MGA HAKBANG PAGKATAPOS NG SHIFT

- Ang tauhan ay responsable para magdisinfect ng equipment pagkatapos gamitin. Ang disinfectant sa mga estasyon ng tools ay handa para sa mga tauhan ng mapununasan ang tools bago at pagkatapos gamitin.
- Lahat ng miyembro ng tauhan ay dapat umalis agad ng property pagkatapos ng kanilang shift.
- Bawat miyembro ng team ay pinaalalahanan sa importansya ng physical distancing sa labas at sa loob din ng trabaho.

H. PROTOCOL NG PAGMONITOR

- Ang operator ng tennis center ay isang 'Embahador ng Kaligtasan' na nasa lugar ng trabaho lahat ng oras. Ang kaniyang natatanging katungkulan ay seguraduhin na ang staff at mga patron ay magsagawa ng Protocol ng Kaligtasan ng Physical Distancing. Ang Embahador ng Kaligtasan ay may name tag na nagsasabing sila ang "Embahador ng Kaligtasan." Ang dokumentong ito ay palaging nasa Embahador ng Kaligtasan para matignan ang kinakailangang protocol ng kaligtasan.
- Kailangan ang magalang ngunit matatag na komunikasyon sa kahit sinong patron na sumusuway sa protocol ng kaligtasan. Ang mga patron ay pinapaalalahanan na kahit anong pagsaway sa Social Distancing Safety Protocols ay mapapanganib ang patuloy na operasyon ng mga lokal na tennis centers.
- Sinumang patron na ayaw sumunod sa mga protocol ng kaligtasan pagkatapos ng unang babala ay hihilingin na umalis sa agad sa propyedad.

Ano pa mang mga karagdagang mga hakbang na hindi naisali dito ay dapat ilista sa hiwalay ng mga pahina at ilakip sa dokumentong ito.

**PARA I-REPORT ANG PAGLABAG
TUMAWAG SA : (562) 570-2633 O
EMAIL: CETASKFORCE@LONGBEACH.GOV**

Maaari niyong kontakin ang sumusunod na tao sa anumang tanong o komento tungkol sa protocol na ito.

Pangalan ng kontak sa Tennis Center: _____ **Telepono:** _____

Petsa ng huling pagbabago: _____

**PARA I-REPORT ANG PAGLABAG
TUMAWAG SA : (562) 570-2633 O
EMAIL: CETASKFORCE@LONGBEACH.GOV**